

# LINGGO NG UCM FELLOWSHIP OF THE BIGGEST COIN

13 Marso 2016

## Tungo sa Espiritwalidad para sa Bagong Sangnilikha PAGPAPARANGAL SA MAPAGBIYAYANG DIYOS SA PAMAMAGITAN NG ATING KAYAMANAN

### *Ang Gawain ng Pagpupuri sa Manlilikha at Tagapagligtas na Diyos*

#### PANIMULANG TUGTUGIN

#### PAGHAHANDA

Nilikha sa wangis ng Diyos at iniligtas ng kanyang biyaya, tumutugon tayong may higit na malalim na pagtatalaga sa misyon ng pagtatatag ng pamamayani ng Diyos sa lupa. Marapat kung gayon na dalhin tayo ng ating pagtatalaga sa maligayang pagbabahagi ng ating mga talento at materyal na pagpapala lahat laan sa pagtatatag ng paghahari ng Diyos. Kung kaya't sa ating pagdiriwang ngayon ng Fellowship of the Biggest Coin, nagsisiparito tayong nagpapasalamat sa Diyos na tumipon sa atin ngayon at dito.

**PROSESYONAL** (Pagbubukas ng Bibliya at pagsisindi ng kandila ni Cristo)

#### TAWAG SA PAGSAMBA

Tagapanguna (T): Magandang araw ng Linggo! Nagtitipon tayo ngayon sa harap ng makatarungan at mapagmahal na Diyos na tumatawag sa atin sa panibagong lakas at pagtatalaga sa matapat na paghahayag ng Mabuting Balita ng pag-ibig at pangkabuuang kaligtasan.

Kapulungan (K): Papuri sa ating Manlilikha, Manunubos at Mapagpalang Diyos na naghahatid sa atin sa kapayapaan at pagkakasundo upang bigkisin ang ating hanay sa pagsasagawa ng misyon niya tungo sa pagbabago ng iglesya at lipunan.

Lahat: Sa iyo, O Diyos, ang luwalhati at karangalan sa pag-iral ng katarungan at kalayaan. Lahat ng aming mga kaisipan, salita, awit, iglesya, pamayanan, tinatangkilik, panahon, at buhay, lahat para sa iyong kadakilaan.

#### \*AWIT NG PAGPUPURI:

HFJ #10

#### ♪ MAGPURI SA DIYOS ♪

Magpuring may awit tayo sa Dios

Sa biyayang kanyang dulot

Magpuring may awit tayo sa Dios

Sa biyayang kanyang dulot.

KORO: Pagpapalang di masayod

Sa buong maghapon umagos

Magpuring may awit, magpuri't maglingkod

Magpuri sa ating Dios.

Magpuring may awit tayo sa Dios

Sa anak na kanyang handog

Magpuring may awit tayo sa Dios  
Sa anak na kanyang handog.  
Magpuring may awit sa ating Dios  
Sambahin s'ya at maghandog  
Magpuri't maglingkod tayo sa Dios  
Sa biyayang kanyang dulot.

**\*INBOKASYON** (Sabay-sabay)

Espiritu ng buhay, mapagmahal at mapagpalayang Diyos, sumaaamin ka ngayon sa aming sama-samang pagsamba at kahit humayo kami sa sanlibutan upang mamuhay, magmahal at makibahagi sa iyong gawain ng pagpapalaya sa iyong minamahal na sangnilikha. Gawin mong ang pagsambang ito'y maging tunay na okasyon ng pagdiriwang lalo't higit ngayon na ipinagdiriwang namin ang Fellowship of the Biggest Coin ng United Church of Men ng aming minamahal na UCCP, pinapaalalahanan kami ng iyong biyaya na ibinubuhos sa amin sa pamamagitan ng paghihirap, kamatayan at muling pagkabuhay ng aming Panginoong JesuCristo. Dalangin namin ito sa ngalan ni Cristo. Amen.

**Tugong Awit:**

**HFJ#50**

**♪ O Diyos sa Langit ♪**

O Dios sa langit, banal ang ngalan  
Ang kaharian mo ay sumapit  
Gawin nawa ang 'yong kalooban  
Sa lupa gaya ng sa langit.

Ipagkaloob ngayon sa amin  
Pang araw-araw naming pagkain  
Kaming may sala ay patawarin  
Nagpapatawad sa kapwa rin.

'Wag mo kaming sa tukso'y tulutan  
Kundi iligtas sa kasamaan  
Ang kaharian, kapangyarihan  
Kal'walhatian sa 'yong tanan. Amen.

**TUGUNANG PAGBASA: Isaias 58:6-12**

- T: "Ganitong pag-aayuno ang gusto kong gawin ninyo:  
Palayain ninyo ang mga di-makatarungang ipinabilanggo;  
kalagin ninyo ang tanikala ng inyong mga inalipin.  
Palayain ninyo ang mga inaapi, at baliin ang mga pamatok ng mga alipin.
- K: Ang mga nagugutom ay inyong pakainin,  
ang mga walang tirahan ay inyong patuluyin.  
Ang mga walang maisuot ay inyong bigyan ng mga damit.  
At sa mga nangangailangang mga kamag-anak ay huwag kayong magkakait.
- T: Kung magkagayon, sisikat ang liwanag sa inyo,  
at matutulad kayo sa bukung-liwayway,  
hindi magtatagal at manunumbalik ang inyong kalusugan.

Mahahayag sa inyong unahan ang mabubuti ninyong gawa,  
at sa inyong hulihan ay papatnubayan kayo ng kaluwalhatian ni Yahweh.

- K: Sa araw na iyon, diringgin ni Yahweh ang inyong dalangin;  
kapag kayo'y humingi ng tulong, sasabihin niya, 'Naririto ako.'  
"Kapag itinakwil ninyo ang pang-aapi,  
maling pagbibintang at pagsisinungaling;
- T: kapag ang nagugutom ay kusang-loob ninyong pakakainin,  
at tutulungan ang mahihirap,  
sisikat ang liwanag sa inyong nasa kadiliman,  
at ang inyong kapanglawan ay magliliwanag gaya ng sa katanghaliang-tapat.
- K: Patuloy kayong papatnubayan ni Yahweh  
at ibibigay ang pangangailangan sa gitna ng disyerto.  
Palalakasin niyang muli ang inyong mga buto.  
At magiging tulad kayo ng isang hardin,  
na binubukalan ng masaganang tubig,  
o isang batis na hindi natutuyo.

Lahat: Muli ninyong itatayo ang kutang gumuho,  
at itatatag ito sa dating pundasyon.  
Makikilala kayo bilang tagapagtayo ng mga nawasak na pader,  
mga tagapagtatag ng bagong pamayanan."

### ***Ang Gawain ng Paghahayag ng ating Pagiging Makasalanan sa Harap ng Mahabaging Diyos***

#### **TAWAG SA PAGSISISI**

T: "Aming Panginoon at Diyos! Karapat-dapat kang tumanggap ng papuri, karangalan, at kapangyarihan; sapagkat ikaw ang lumalang sa lahat ng bagay, at ayon sa iyong kagustuhan, sila'y nilalang mo at pinapanatili." Patuloy kaming nagpupugay habang sinisiyasat ang aming mga sarili ngayon. Halina mga kapatid kay Cristo, mapagpakumbaba tayong lumapit sa ating mahabaging Diyos.

#### **PANALANGIN NG PAGSISISI (Sabay-sabay)**

Panginoon, ang iyong mga kaisipa'y hindi namin kaisipan,  
ang iyong kaparaanan ay hindi namin kaparaanan.  
kung ang sa amin na tila walang hanggan ay saglit lamang sa iyo.

Sa harap ng walang hanggan,

Tulungan kaming magpakumbaba.

Kung umaawit kami ng mga papuring awit

at ikinukubli ang kagalakan sa aming mga puso;

Kung idinadalangin lamang namin ang kung ano ang posible

at umaasa lamang sa kung ano ang maari naming makita;

Kung winalang bahala lamang namin ang iyong biyaya

at umaasa ng mga sagot sa kagyat na mga kahilingan;

Kung hinahayaan naming maghintay ang iyong Espiritu

Na mauwi kami sa katamaran at hintaying mapalitan ng pagwawalang bahala para

sa iyong kaharian;  
Kung iniisip lamang namin ang maghintay sa iyo  
at hindi kailanman naisip kung paano ka naghihintay sa amin  
Kung idinadalangin naming, “Tagapagkaloob ng Buhay, panatilihin mo  
ang iyong Sangnilikha”  
at magpadala sa ekonomiya ng labis na pagpapahalaga sa materyal na  
bagay;  
Kung idinadalangin naming, “Espiritu ng Katotohanan, palayain  
mo kami”  
at sa halip ay piliin ang pagkaalipin sa pananahimik.  
Kung dumadalangin kami, “Espiritu ng Pagkakaisa,  
pagkasunduin mo ang bayan”  
at hindi nakikipagkaisa sa mga taong mula sa ibang  
pananampalataya o tradisyon sa aming paligid;  
Kung idinadalangin naming, “Banal na Espiritu, baguhin at linisin kami”  
at hindi inaasahan ang Espiritu na baguhin ang aming buhay;  
MAHABAG KA SA AMIN, PANGINOON, MAHABAG KA SA AMIN!  
(Salin sa Tagalog mula sa HFJ Worship Resources, Prayers of Confession, 409)

**KATIYAKAN NG PAGPAPATAWAD NG DIYOS:**

**Ministro**

Makinig, sapagkat ito ang salita ng Diyos: Pinagpala ang lahat ng naghihintay sa Panginoon, Mahabagin ang Diyos at tiyak at malakas ang kanyang pag-ibig.  
Amen.

**\*BAHAGINAN NG KAPAYAPAAN NG DIYOS**

T: Tumayo tayo at ibahagi ang kapayapaan ng Diyos sa bawat isa bilang tanda ng pagpapanibago ng pagmamahal at pagkalinga sa isa’t isa sa pamayanan ng pananampalataya.

**MGA MALASAKIT NG PAMAYANAN**

**PANALANGING PASTORAL**

***Ang Gawain ng Pakikinig sa Salita ng Diyos***

**SA PAGBASA MULA SA MATANDANG TIPAN:**

**Isaias 43:16-21 o 58:6-12**

**\*SA PAGBASA MULA SA BAGONG TIPAN:**

**Juan 12:1-8 o Mateo 20:1-16**

**SA PAGPAPAHAYAG NG SALITA**

*Sandali ng pansariling pagninilay...*

***Ang Gawain ng Pagkaloob ng ating mga Buhay at Kaloob sa Mapagbigay na Diyos***

**TAWAG SA PAGHAHANDOG:**

**Tagapanguna**

Sabi sa Kawikaan 3:9-10, “Parangalan mo ang Panginoon mula sa iyong kayamanan, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani; sa gayo’y mapupuno nang sagana ang iyong imbakan, at aapawan ng bagong alak ang iyong mga sisidlan.” Halina’t dalhin sa Diyos ang ating materyal na kaloob bilang tanda ng ating mga buhay na inialay sa misyon ng Diyos.

**PAGHAHANDOG (Paglikom at pagkaloob ng mga ikapu, pangako at handog)**

## PAGBASA SA RASYUNALE NG FELLOWSHIP OF THE BIGGEST COIN NG UCM

### PAGHAHANDOG NG BIGGEST COIN

#### \*DOKSOLOHIYA

#### \*PANALANGIN SA MGA HANDOG

**Mga Diakono**

Diyos ng masaganang biyaya, nagpapasalamat kami sa aming natanggap at sa kung ano ang aming maibabahagi. At higit sa lahat nagpapasalamat kami sa kaloob na buhay. Iniaalay namin ang mga kaloob na ito at ang aming sarili upang magamit bilang kasangkapan tungo sa kapayapaang nakabatay sa katarungan at sa iyong bagong sangnilikha. Kay Cristong Panginoon, dalangin namin ito. Amen.

#### \*AWIT NG PAGTATALAGA:

**HFJ #295**

#### ♪ The Hands of God ♪

The hands of God that makes the whole creation new  
That guide us through the path that we must tread  
They lifted up the lowly and the Poor  
Hands that brought down the mighty from their thrones.  
*Chorus:* The hands of God that guide us through the years  
From doubts and fears those hands have led us through  
They call for faith and hope and love to reign in us  
The hands of God that work through you and me.  
The hands that make the lame to walk and blind to see  
The hands that work to set our people free  
The hands that touch the sinners and lonely  
Are Hands of God that work through you and me. [Chorus]  
The hands of God that make the church to live and Grow  
That gives its power to face all fears and woes  
The hands that make for peace to reign all over us  
Are Hands of God that work through you and me. [Chorus]

#### \*PANGWAKAS NA PANALANGIN:

**Ministro**

#### \*PAGPAPALA:

**Ministro**

Humayo at hayaang ang Diyos ninyo ay maging Diyos na Manlilikha at hindi diyos ng kayamanan na mapangwasak. Humayo kayo ngayon sa kapayapaan at pag-ibig, sa pagkaalam na ang Diyos ng kapayapaan at pag-ibig ay kasama ninyo habang isinasagawa ang misyon ng Diyos na ipinagkatiwala sa inyong pangangalaga at pagiging katiwala. Sa pangalan ng Diyos na ating magulang, ni Jesus na ating tagapagligtas at kaibigan at ng Banal na Espiritu na ating gabay at patnubay. Amen.

#### RESESYONAL

#### PANGWAKAS NA TUGTUGIN